

Ika-64 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki



Colors, Future!

いろいろって、未来。

川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng:

Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura

Lungsod ng Kawasaki, Disyembre 21, 2018

(Wikang Hapon) <http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0.html>

(Wikang Hapon na madaling maintindihan) <http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html>

Pagsali sa International Festival sa Kawasaki

Ginanap ang International Festival sa Kawasaki noong ika-8 ng Hulyo sa Kawasaki International Center. Ngayong taon, may dumalong 16,000 na katao.

Sa araw ng piyesta, hindi lang pagpapakilala ng mga kinatawan ang ginawa, nagsagawa din ng quiz, pag-guhit ng bandila, pag-gawa ng isda gamit ang ribbon, at pakikipagtalakayan sa mga dumalo sa ibento.



Impresyon mula sa Kinatawan

Ito ang una kong pagsali. Para sa akin napaka-friendly ng lahat. May pagsali mula sa iba't-ibang bansa kung saan makikita ang mga katutubong likha, sayaw, instrumento, ang mga pagluluto. Lahat ng ibento ay napakasaya.

Nagulat din ako sa dami ng mga nakisali. Nakisali din ang mayor, at mga taga-embahada. Ito ay sa naging napakalaking ibento.

Kyawt Kyawt Khine

Ulat sa progreso ng talakayan ng ika-12 Termino


Sa terminong ito, napakadami ang mga bagong kinatawan. Dahil sa mga bagong paningin, nagkakaroon ng mabuhay na talakayan, at sana ay magamit namin ito upang makabuo ng mas mabuting rekomendasyon.

Sa terminong ito, upang mas mabuti ang pagpalitan ng opinyon at mas maintindihan ang mga isyu na nararanasan ng mga dayuhang mamamayan, kami ay nagsimula sa groupwork. Pagkatapos nito, ay isinaad namin ang mga tema na nais naming talakayan, at nagkaroon din ng pag-aaral at diskusyon ukol dito.

Sa meeting noong Setyembre, mula sa mga ipinakilalang 25 na tema, pumili ng anim na tema: 1) Impormasyon at Konsultasyon, 2) Promosyon ng lungsod gamit ang mga kompanya at paaralan ng Japanese, 3) Impormasyon sa pag-iwas sa kalamidad para sa mga turista, 4) Pag-aaral pa multikultural na pag-intindi, 5) Suporta para sa mga bata sa paaralan, at 6) Suporta sa trabaho.

Sa meeting noong Oktubre, gumawa kami ng dalawang grupo upang mas maayos na talakayin ang mga tema. Sa susunood, nais namin na ituloy ang pagtalakay gamit ang mga opinyon mula sa Open Forum.

Irwan Sutanto, Tagapangulo



Nais mo bang makinig sa meeting?

——Iskedyul ng Pagpulong ng ika-12 na Termino——

Lugar: Kawasaki International Center (10 minutes na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Toyoko at Meguro Lines) Mapa: <http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml> Oras: mula 2pm hanggang 5pm

Termino ng taong 2018

【Ika-apat na meeting】

Unang araw ika-20 ng Enero (Linggo)

Ikalawang araw ika-24 ng Pebrero (Linggo)

Termino ng taong 2019

【Ika-unang meeting】

Unang araw ika-21 ng Abril (Linggo)

Ikalawang araw ika-19 ng Mayo (Linggo)

【Ika-dalawang meeting】

Unang araw ika-16 ng Hunyo (Linggo)

Ikalawang araw ika-8 ng Setyembre (Linggo)

【Ika-tatlong meeting】

Unang araw ika-13 ng Oktubre (Linggo)

Ikalawang araw ika-8 ng Disyembre (Linggo)

【Ika-apat na meeting】

Unang araw ika-19 ng Enero (Linggo)

Ikalawang araw ika-9 ng Pebrero (Linggo)

Ang meeting ay pwedeng daluhan ng kahit sino. Halina's makibahagi sa pagpulong!



Alam mo ba ang daycare para sa mga may sakit o pagaling na bata?



Ang daycare para sa mga may sakit o pagaling na bata (byoji hoiku • byogoji hoiku) ay lugar na pwedeng pansamantalang tumingin sa bata tuwing hindi sya pwedeng pumasok sa normal na daycare dahil sa sakit.

*Daycare para sa may sakit: hindi pwedeng pumasok sa normal na daycare dahil sa sakit

*Daycare para sa nagkasakit: pagaling na ang bata ngunit hindi pa rin pwedeng pumasok sa normal na daycare.

Mga tuntunin sa pag-gamit

Kailangan ay nakatira sa Lungsod ng Kawasaki at pumapasok sa daycare (hoikuen).

Paraan ng pag-gamit

1. Kailangan naka-register bago gumamit. Kailangan tumawag upang magpareserve ng pag-gamit. Upang mag-register, idownload ang “registration form”, sulatan ito at idala o ipadala sa gagamiting daycare.
<http://www.city.kawasaki.jp/450/cmsfiles/contents/0000086/86021/29tourokuhyou.pdf>
2. Kailangan ng sulat mula sa doktor (Shujii shijisho)
3. Dalhin ang gamot na ibinilin ng doktor sa sulat.

Oras ng pag-gamit

Lunes hanggang Biyernes: 8 am hanggang 6pm (Walang pasok tuwing Sabado, Linggo, holiday, at pagtapos at pagsimula ng taon)

Presyo

2,900yen bawat araw (kasama na ang tanghalian at miryenda)

Para sa mga hindi kailangan magbayad ng city tax: 1,000 yen (Kailangan ng Certificate of Tax Exemption: Hikazei Shomeisho)

Para sa mga nakakatanggap ng welfare: 400 yen (Kailangan ng Certificate ng Tulong ng Welfare: Seikatsu Hogo Setai Shomeisho)

Mga tala

1. May mga araw na hindi pwedeng tanggapin ang bata kung sobrang malala ang sakit.
2. Kung lumala ang sakit ng bata habang nasa daycare, maaaring sabihan ang tagapag-alaga na sunduin ang bata nang mas maaga.
3. Sa oras ng emergency, maaaring magsimula ang pag-gamot gamit ang “Pag-sang-ayon pagkatapos ng okasyon (Jigo Shodaku)”. Maaaring may bayad ito.
4. Kapag puno na ang pag-reserba, maaaring hindi matanggap sa daycare.

Mga pwedeng gamiting daycare

Pangalan ng daycare	Pag-gamit	Telepono
Enzeru Kawasaki	Daycare para sa may sakit na bata	044-201-6937
Enzeru Nakahara		044-872-9137
Enzeru Miyamae		044-789-9117
Enzeru Asao		044-455-5473
Enzeru Saiwai	Daycare para sa pagaling na bata	044-555-6741
Enzeru Takatsu		044-833-8872
Enzeru Tama		044-922-8724

Para sa tanong

Tumawag sa nais na gamiting daycare.



Paghahanap ng Trabaho
at Trabaho

Ang aking karanasan sa Japan

Noong una akong dumating sa Japan para sa pag-aaral, hindi ko pa naiisip ang tungkol sa aking career. Hindi ko din alam ang tungkol sa mga panuntunan ng komyunidad at kung gaano kahirap maghanap ng trabaho. Ang una kong pag-hahanap ng trabaho ay nang naimbitahan ako ng kakilala sa career event noong unang taon ko ng post-graduate studies. Sa kwento ng mga nauna sa akin, mahirap daw maghanap ng trabaho sa Japan kung hindi Japanese ang unang wika. Dahil dito, ako ay nag-atubili sa paghahanap ng trabaho. Ngunit dahil nais kong manirahan sa Japan, pinagbutihan ko ang paghanap ng trabaho.

Sa simula, sumali ako sa mga ibento ng mga kompanyang interesado ako. Sumali din ako sa mga career forum ng eskwela at mga kompanya. Dahil sa mga ibentong ito, naging pamilyar ako sa iba't ibang uri ng kompanya, at nagsimula akong mapag-isip kung saan ko nais mag-apply. Gumawa ako ng listahan ng Top 10 na gusto kong salihang kompanya, at nagprepara sa pag-gawa ng CV o resume. Dahil magkaiba ang CV ng Japan at ng Amerika, kinailangan kong pag-aralan ang pag-gawa ng CV sa Japan. At dahil kailangan ng litrato sa CV, pumunta ako sa propesyonal na kamera-man upang magpakuha ng litrato.

Sa pagpili ng pag-aaplayan na kompanya, alam kong kailangan magprepara para sa SPI (Synthetic Personality Inventory) o mga exam sa kompanya, mga interview, at pag-papakilala ng sarili. Noong 16-taon gulang ako, mayroon akong part-time job kaya hindi ito ang una kong paghahanap ng trabaho, ngunit sa tingin ko ay mahirap maghanap ng trabaho sa labas ng Amerika. Ako ay maswerte at may mga nagturo sa akin upang maging mas madali ang proseso ng paghahanap ng trabaho. Bawat kompanya ay may 4 hanggang 5 interview. Sa dulo, napagpasyahan na sumali ako sa Japanese na kompanya.

Sa unang taon ko pagkapasok ng kompanya, kinailangan kong pag-aralan ang honorific expressions (keigo), business manners (dahil magkaiba ang Amerika at Japan), mga serbisyo para sa customer, atbp. Mahirap ito, ngunit dahil sa karanasang ito, napabuti ang trabaho ko. Ngayon, nasa Japanese na kompanya pa rin ako, ngunit sa department ko ay may iba't ibang taong galing sa iba't ibang kultura. Sa trabaho namin ngayon, pinagbuti naming magtrabaho nang ayon sa workstyle ng Japan.

Magkaiba ang kultura ng pagtrabaho ng Japan at Amerika. Nahirapan akong masanay sa mahigpit na kultura ng Japan dahil galing ako sa relaks na kultura ng Amerika. Ngunit napabuti ang aking mga kasanayan dahil sa paghahanap ng trabaho. At dahil din sa paghahanap ng trabaho, napag-aralan ko ang iba't ibang kompanya sa Japan.



Heather Terada

【Para sa katanungan】

**Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng
Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura**

9th floor Frontier Building Ekimae-Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City 210-0007

Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp

Ikinalulugod naming tangapin ang inyong mga ideya at mungkahing hinggil sa Newsletter at Pulong ng mga Kinatawan